



BAGONG PILIPINAS

KAPASIYAHAN BLG. 2026-102

“NAG-AAPRUBA AT NAGPAPATUPAD NG PROGRAMANG ‘GAWAD GALING SA BAWAT BARANGAY’ AT PAGLALAAAN NG PONDO PARA SA PAGPAPATUPAD NITO.”

Sa Pagtataguyod ni:

Igg. Melvin H. Melencio

Tagapangulo

Lupon sa Kalinangan, Sining, Turismo at Pangangalaga sa Pamana

SAPAGKA’T, kinikilala ng Sangguniang Bayan ng Bustos ang mahalagang ambag ng mga volunteers, halal na opisyal, at kawani na nagpakita ng dedikasyon at tapat na paglilingkod sa komunidad;

SAPAGKA’T, ang programang “Gawad Galing sa Bawat Barangay” ay naglalayong parangalan at kilalanin ang mga natatanging indibidwal tulad ng mga volunteers, matagal nang nanunungkulan na halal na opisyal, at mga kawani ng barangay;

SAPAGKA’T, layunin ng programa na hikayatin ang aktibong partisipasyon ng mamamayan, magsilbing inspirasyon sa paglilingkod, at patatagin ang kultura ng bayanihan at malasakit sa komunidad;

SAPAGKA’T, kabilang sa programa ang iba’t ibang kategorya ng parangal gaya ng Volunteer Service Awards, Pagkilala sa mga 3-Term Elected Officials, Mahusay na Kawani ng Barangay, at Posthumous Awards;

SAPAGKA’T, magkakaroon ng maayos na proseso ng screening at evaluation upang matiyak ang patas at kredibleng pagpili ng mga pararangalan;

SAPAGKA’T, ang programa ay magtatapos sa isang awarding ceremony sa ika-24 ng Hulyo 2026, alinsunod sa itinakdang iskedyul ng nominasyon, pagsusuri, beripikasyon, at pag-apruba;

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

BAKURAN NG PAMAHALAANG BAYAN NG BUSTOS, BULACAN

044 761 0069 | sbbustosbulacann@gmail.com | www.facebook.com/SangguniangBayanngBustos

SAPAGKA'T, ang kabuuang badyet na ilalaan para sa programa ay nagkakahalaga ng Dalawang Daang Libong Piso (P200,000.00) para sa mga sertipiko, plake, medalya, token, pagkain, at iba pang gastusin.


KUNG KAYA'T, sa pagtataguyod ni **IGG. MELVIN H. MELENCIO** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.


IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINAPASIYA, ng Sangguniang Bayan ng Bustos na aprubahan at ipatupad ang programang "Gawad Galing sa Bawat Barangay" sa nasasakupan ng Barangay.

IPINAPASIYA PA, na maglaan ng pondong nagkakahalaga ng P200,000.00 mula sa angkop na pondo ng Sangguniang Bayan ng Bustos para sa matagumpay na pagsasagawa ng nasabing programa.


IPINAPASIYA PA RIN, na bumuo ng Screening Committee at Technical Working Group (TWG) na mangangasiwa sa nominasyon, pagsusuri, beripikasyon, at implementasyon ng programa a.


PINAGTIBAY, ngayong ika-27 ng Abril taong Dalawang Libo at Dalawampu't Anim sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.



Phillip Wryner B. Santos
Kasangguni



Romeo B. Cabalquinto
Kasangguni



Leo T. Santos
Kasangguni


John Erick L. Perez
Kasangguni



Raymond R. Perez
Pangalawang Pangulo ng
Liga ng mga Barangay



Kyle Gabrielle DR. Navarro
Kasangguni


Aljhaneal E. Quirones
Kasangguni



Melvin H. Melencio
Kasangguni


Engr. Gliceria M. Perez
Kasangguni


Mel Ryan P. Juan
Pangulo ng
Pambayang Pederasyon
ng Sangguniang Kabataan


Martin S.J. Angeles, MMPA
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay pinagtibay ng
Sangguniang Bayan ngayong ika-27 ng Abril taong Dalawanlibo
Dalawampu't Anim.


Atty. Gerardo S. Briasa
Kalihim

